# Upo

Ang gulay na ito ay mayaman sa *carbohydrates*. Ang buto nito ay maaaring mapagkunan ng langis na panggamit sa buhok.



**PAGPILI NG LUPANG TANIMAN**

Ang upo ay nangangailangan ng lupang tinatawag na buhanginang galas na may sapat na mapagkukunan ng tubig at may asim (pH) na 5.5 hanggang 6.5. Iwasang magtanim sa mga lugar na may mataas na *acidity, alkalinity* o *salinity*. Malaki ang epekto ng hindi magandang lupa sa produksyon ng babaeng bulaklak ng tanim.

**PANAHON NG PAGTATANIM**

Maaaring itanim ang upo sa anumang uri ng klima. Gayunpaman, ang malakas na pag-ulan ay hindi makabubuti sa tanim. Ang temperaturang kailangan ng upo ay 30$^0$C hanggang 35$^0$C. Kapag ang temperatura ay masyadong mataas, mas maraming bulaklak na lalaki ang mabubuo na nagdudulot ng mababang ani at kita. Para sa mas masaganang ani, magtanim sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre o mula Mayo hanggang Hulyo.

**PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN**

Linisin, araruhin at suyurin nang dalawang beses ang lupang tatamnan. Gumawa ng tudling na may layong 3 metro at butas ng mga tudling na may layong 1 metro.

**PARAAN NG PAGTATANIM**

Ang upo ay maaaring itanim nang direktang buto (*direct seeded*) o punla (*transplanted*). Ang distansya ng pagtatanim ay 3 metro x 10 metro. Sa panahon ng tag-ulan, itanim ito sa bandang ibabaw ng tudling at sa bandang ibaba naman ng tudling sa panahon ng tag-araw. Maglagay ng dalawang buto sa bawat butas. Bunutin ang mga payat na punla 7 araw pagkatapos umusbong. Magtira lamang ng isang tanim sa bawat butas.


Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGKONTROL NG DAMO



Magdamo 14 na araw pagkatapos magtanim at magsablay o araruhin palabas ng puno isang buwan pagkatanim kapag hindi naalip-ipan.

## PAGPAPATABA

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 2 sako | Sa pagtatanim | Basal |
| 46-0-0 | 2 sako | 30 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |
| 46-0-0 + 0-0-60 (2:1) | 2 sako +1 sako | 45 araw pagkatanim | Ilagay sa bawat butas |

## PAGPAPATUBIG

Patubigan ang tanim 14 na araw pagkatubo sa pamamagitan ng *flooding*. Ulitin ang pagpapatubig tuwing ikapitong araw sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre at kung kinakailangan lamang sa mga buwan ng Mayo hanggang Hulyo.

## PAGKONTROL NG MGA INSEKTO AT SAKIT

| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Leaf folders | Methomyl |
| Yellow squash beetle | Deltamethrin |

| Sakit | Kontrol |
|---|---|
| Anthracnose | Captan |

## PAG-AANI



Maaari nang anihin ang bunga 50 hanggang 60 araw pagkatanim. Mainam na gumamit ng kutsilyo sa pamimitas ng bunga upang mahiwa ang tangkay 5 sentimetro mula sa dulo ng bunga.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice